# MISSALETTE

12 Hulyo 2026 • IKA-15 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON • TAON A




## PAGTITIWALA AT PAG-UNLAD SA SALITA NI HESUS

Ngayong ika-15 Linggo sa Karaniwang Panahon, ipinapaalala sa atin ni Isaias na ang Salita ng Diyos ay hindi kailanman babalik sa Kanya nang walang bunga. Sa Mabuting Balita, itinuturo ng talinghaga ni Hesus ukol sa maghahasik na tanging ang mga nagtitiwala, umuunawa at nagmamahal lamang sa Salita ng Diyos nang buong puso, kaluluwa, at lakas ang nagiging mayamang lupa na maaaring lumago. Pagyamanin nawa ni Hesus sa Eukaristiyang ito ang ating mga puso upang tayo ay magbunga ng masaganang ani ng awa at pagmamalasakit.

## PASIMULA

### PAMBUNGAD

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

Akong iyong pinatawad,
sa iyo'y makahaharap
nang mukha mo ay mamalas.
Sa piling mo'y magagalak
pag liwanag mo'y sumikat.

### PAGBATI

**P** –Sumainyo ang Panginoon.
**B –At sumaiyo rin.**

### PAGSISISI

**P** – Natitipon bilang mag-anak ng Diyos sa pagtugon sa Kanyang paanyaya, hilingin natin sa Diyos na tayo ay mapatawad at mapalakas. (Manahimik saglit.)

**P** –Para sa kapabayaan nating dumulog nang marapat sa Hapag ng Salita ng Diyos, Panginoon, kaawaan mo kami.
**B –Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P** –Para sa paghadlang nating magkabisa ang Salita ng Diyos sa ating buhay, Kristo, kaawaan mo kami.
**B –Kristo, kaawaan mo kami.**

**P** –Para sa kapabayaan nating ibahagi ang Salita ng Diyos sa ating kapwa at kapabayaang ipahayag ito sa ating buhay, Panginoon, kaawaan mo kami.
**B –Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P** –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
**B –Amen.**

### PAPURI

**B – Papuri sa Diyos sa kaitaasan**
**at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya.**
**Pinupuri ka namin,**
**dinarangal ka namin,**


This issue of Missalette may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us an email of a copy of the deposit slip with your name for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

**sinasamba ka namin,**
**ipinagbubunyi ka namin,**
**pinasasalamatan ka namin**
**dahil sa dakila mong angking kapurihan.**
**Panginoong Diyos, Hari ng langit,**
**Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.**
**Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak,**
**Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama.**
**Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng**
**sanlibutan, maawa ka sa amin.**
**Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng**
**sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan.**
**Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama,**
**maawa ka sa amin.**
**Sapagkat ikaw lamang ang banal,**
**ikaw lamang ang Panginoon,**
**ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan,**
**kasama ng Espiritu Santo**
**sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.**

## PANALANGING PAMBUNGAD

**P –**Ama naming makapangyarihan,
nililiwanagan ng iyong maaasahang ilaw
ang mga naliligaw na iyong pinababalik sa daan para ikaw ay matagpuan.
Ang mga kabilang sa nananalig sa iyong Anak
ay pagkalooban mong makapagwaksi sa tanang salungat
sa ngalang kristiyanong sa iyo'y tinanggap
upang ito ay talagang mapangatawanang ganap
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
**B–Amen.**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

### Unang Pagbasa — Isa 55, 10-11

Pagbasa mula sa aklat ni Propeta Isaias


**Ito ang sinasabi ng Panginoon:**
**"Ang ulan at niyebe**
**paglagpak sa lupa'y di na nagbabalik,**
**aagos na ito sa balat ng lupa't nagiging pandilig,**
**kaya may pagkai't butil na panghasik.**
**Ganyan din ang aking mga salita,**
**magaganap nito ang lahat kong nasa."**

Ito ang Salita ng Diyos.
**B – Salamat sa Diyos.**

### Salmong Tugunan — Sal 64, 10abkd, 10e11.12-13. 14

**B – Nagbunga nang masagana,**
**binhi sa mabuting lupa.**

*R. M. Velez*




* Umuulan sa lupain, ganito mo kinalinga,
umuunlad ang lupai't tumataba yaong lupa;
patuloy na umaagos ang bigay mong mga batis,
sa halamang nasa lupa, ay ito ang dumidilig;
ganito ang ginawa mo na hindi mo ikinait.
**B.**

* Sa binungkal na bukirin ang ulan ay masagana,
ang bukirin ay matubig, at palaging basang-basa;
sa banayad na pag-ulan ay lumambot yaong lupa,
kaya naman pati tanim ay malago at sariwa.
**B.**

* Nag-aani nang marami sa tulong mong ginagawa,
at saanman magpunta ka'y masaganang-masagana.
Ang pastula'y punung-puno ng matabang mga kawan,
naghahari yaong galak sa lahat ng kaburulan. **B.**

* Gumagala yaong tupa sa gitna ng kaparangan,
at hitik na hitik mandin ang trigo sa kapatagan;
ang lahat ay umaawit, sa galak ay sumisigaw! **B.**

### Ikalawang Pagbasa — Ro 8,18-23

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

**Mga kapatid: Sa ganang akin, ang mga pagtitiis sa kasalukuyan ay hindi maihahambing sa ihahayag na kaluwalhatiang sasaatin. Nananabik ang sangnilikha na ihayag ng Diyos ang kanyang mga anak. Nabigo ang**

**sangnilikha, hindi sa kagustuhan nito, kundi dahil sa ito ang niloob ng Diyos. Gayunman, may pag-asa pa, sapagkat ang sangnilikha ay palalayain sa pagkaalipin nito sa kabulukan, at makakahati sa maluwalhating kalagayan ng mga anak ng Diyos. Alam natin na hanggang ngayon ang sangnilikha ay dumaraing sa paghihirap. Hindi lamang sila! Tayo mang tumanggap ng Espiritu bilang unang kaloob ng Diyos ay napapahimutok samantalang hinihintay natin ang pag-aampon sa atin ng Diyos, ang pagpapalaya sa ating mga katawan.**

Ito ang Salita ng Diyos.
**B – Salamat sa Diyos.**

## Aleluya

**B** – Aleluya! Aleluya!
Salita ng D'yos ang buto
na tanim ni Hesukristo
upang tumubo sa tao.
Aleluya! Aleluya!

## Mabuting Balita — Mt 13, 1-23

**P** – Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**
**P** – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
**B – Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Noon ding araw na iyon, si Hesus ay lumabas ng bahay at naupo sa tabi ng lawa. Pinagkalipumpunan siya ng makapal na tao, kaya sumakay siya sa isang bangka at doon naupo. Nasa dalampasigan naman ang mga tao. At nagturo siya ng maraming bagay sa pamamagitan ng mga talinghaga.**

**"May isang magsasakang lumabas upang maghasik. Sa kanyang paghahasik ay may binhing nalaglag sa tabi ng daan. Dumating ang mga ibon at tinuka ang mga iyon. May binhi namang nalaglag sa kabatuhan. Sapagkat manipis lang ang lupa roon, sumibol agad ang binhing iyon, ngunit nang mapabilad sa matinding sikat ng araw ay natuyo, palibhasa'y walang gaanong ugat. May binhi namang nalaglag sa dawagan; lumago ang mga dawag at ininis ang mga iyon. Ngunit ang binhing nalaglag sa mabuting lupa ay nag-uhay: may tigsasandaan, may tigaanimnapu, at may tigtatatlumpung butil ang bawa't uhay. Ang may pandinig ay makinig!"**

**Lumapit ang mga alagad at tinanong si Hesus: "Bakit po ninyo dinadaan sa talinghaga ang inyong pagsasalita sa kanila?" Sumagot siya, "Ipinagkaloob sa inyo na malaman ang mga lihim tungkol sa paghahari ng Diyos, ngunit hindi ito ipinagkaloob sa kanila. Sapagkat ang mayroon ay bibigyan pa, at mananagana; ngunit ang wala, kahit ang kakaunting nasa kanya ay kukunin pa. Nagsasalita ako sa kanila sa pamamagitan ng talinghaga, sapagkat tumitingin sila ngunit hindi nakakikita, at nakikinig ngunit hindi nakaririnig ni nakauunawa. Natutupad nga sa kanila ang hula ni Isaias na nagsasabi:**

**'Makinig man kayo nang makinig,**
**hindi kayo makauunawa,**
**At tumingin man kayo nang tumingin,**
**hindi kayo makakikita.**
**Sapagkat naging mapurol ang isip ng mga taong ito;**
**Mahirap makarinig ang kanilang mga tainga,**
**At ipinikit nila ang kanilang mga mata.**
**Kung di gayon, disin sana'y nakakita ang kanilang mga mata,**
**Nakarinig ang kanilang mga tainga,**
**Nakaunawa ang kanilang mga isip,**
**At nagbalik-loob sa akin,**
**At pinagaling ko sila, sabi ng Panginoon.'**

**Mapalad kayo, sapagkat nakakikita ang inyong mga mata at nakaririnig ang inyong mga tainga! Sinasabi ko sa inyo: maraming propeta at matutuwid na tao ang nagnasang makakita sa inyong nakita, ngunit hindi ito nakita, at makarinig sa inyong naririnig, ngunit hindi ito napakinggan.**

**"Pakinggan nga ninyo ang kahulugan ng talinghaga tungkol sa manghahasik. Ang mga nakikinig ng Salita tungkol sa paghahari ng Diyos ngunit hindi nakauunawa nito ay katulad ng mga binhing nahasik sa tabi ng daan. Dumarating ang Masama at inaagaw ang nahasik sa kanilang puso. Inilalarawan ng binhing nahasik sa kabatuhan ang nakikinig ng Salita at masayang tumatanggap nito kaagad. Ngunit hindi ito tumitimo sa puso nila kaya't hindi sila nananatili. Pagdating ng mga kapighatian o pag-uusig dahil sa Salita, agad silang nanlalamig. Inilalarawan naman ng nahasik sa dawagan ang nakikinig ng Salita, ngunit naging abala sa mga bagay ukol sa mundong ito, at naging maibigin sa mga kayamanan anupat ang Salita'y nawalan na ng puwang sa kanilang puso, kaya't hindi makapamunga. At inilalarawan ng nahasik sa matabang lupa ang mga nakikinig ng Salita at nakauunawa nito. Sila'y namumunga: may tigsasandaan, may tig-aanimnapu, at may tigtatatlumpu."**

Ito ang Mabuting Balita ng Panginoon.
**B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

## HOMILIYA

## SUMASAMPALATAYA

**B – Sumasampalataya ako**
**sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat,**
**na may gawa ng langit at lupa.**
**Sumasampalataya ako kay Hesukristo,**
**iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat.**
**Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo,**
**ipinanganak ni Santa Mariang Birhen.**
**Pinagpakasakit ni Poncio Pilato,**
**ipinako sa krus, namatay, inilibing.**
**Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao.**
**Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli.**
**Umakyat sa langit.**
**Naluluklok sa kanan**
**ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.**
**Doon magmumulang paririto**
**at huhukom sa nangabubuhay at**
**nangamatay na tao.**
**Sumasampalataya naman ako**
**sa Diyos Espiritu Santo,**
**sa banal na Simbahang Katolika,**
**sa kasamahan ng mga banal,**
**sa kapatawaran ng mga kasalanan,**
**sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao**
**at sa buhay na walang hanggan. Amen.**

## PANALANGIN NG BAYAN

**P –**Ang Diyos ang banal na Tagahasik. Manalangin tayo upang ang ating mga puso ay maging mabuting lupa, handang tumanggap sa Kanyang Salita at magbunga ng mabubuting gawa. Manalangin tayo: Panginoon, dinggin Mo ang aming panalangin.

**B– Panginoon, dinggin Mo ang aming panalangin.**

* Para sa Santo Papa, mga obispo, pari, diyakono, at lahat ng nagpapahayag ng Salita: patuloy nawa nilang ibahagi ang Salita ng Diyos nang may pagmamahal at huwag kailanman mapagod. Manalangin tayo. **B.**

* Para sa mga pinuno ng pamahalaan: mamuno nawa sila nang may karunungan at pangalagaan ang dangal ng lahat, lalo na ang mga mahihirap at mga nagdurusa sa kawalan ng katarungan. Manalangin tayo. **B.**

* Para sa ating parokya: tumugon nawa tayo nang may tunay na pagkakawanggawa sa mga pangangailangan ng kapwa at sa daing ng mga dukha. Manalangin tayo. **B.**

* Para sa mga kabataan: buong-puso nawa nilang labanan ang tukso ng kayamanan at mga kahumalingan ng mundo, maglaan ng oras na makinig sa Salita ng Diyos, at maging matatag sa pananampalataya. Manalangin tayo. **B.**

**P –** Ama namin sa Langit, Ikaw ang nagpapadami ng ani sa lupa. Dinggin Mo ang aming mga panalangin, palambutin Mo ang aming mga puso, at tulutan Mong lumago ang Iyong Salita sa amin. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.
**B – Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

**P –** Manalangin kayo . . .
**B – Tanggapin nawa ng Panginoon**
**itong paghahain sa iyong mga kamay**
**sa kapurihan niya at karangalan,**
**sa ating kapakinabangan**
**at sa buong Sambayanan niyang banal.**

## PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**P –** Ama naming Lumikha,
tunghayan mo ang mga alay
ng iyong sumasamong Sambayanan
at tanggapin mo ang mga ito para madagdagan
ang iyong kabanalan sa mga nananalig na tunay
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
**B –Amen.**

## PREPASYO VI

**P –** Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**
**P –** Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
**B – Itinaas na namin sa Panginoon.**
**P –** Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.
**B – Marapat na siya ay pasalamatan.**
**P –** Ama naming makapangyarihan,
tunay ngang marapat
na ikaw ay aming pasalamatan.
Nasa iyo ang aming buhay,
pagkilos at pag-iral.
Sa pamumuhay namin araw-araw
tinatamasa namin ang iyong pagmamahal.
Sa pag-ibig mong ipinunla sa sangkatauhan
ang Espiritu Santo'y unang aning bigay
ng Anak mong naglagak sa amin ng katiyakang
nakalaang mabuhay kami sa piling mo kailanman.
Kaya kaisa ng mga anghel
na nagsisiawit ng papuri sa iyo
nang walang humpay sa kalangitan,
kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B – Santo, santo, santo**
**Panginoong Diyos**
**ng mga hukbo!**
**Napupuno ang langit at lupa**
**ng kadakilaan mo!**
**Osana sa kaitaasan!**
**Pinagpala ang naparirito**
**sa ngalan ng Panginoon!**
**Osana sa kaitaasan!**

## PAGBUBUNYI

**B –**Sa krus mo at pagkabuhay
kami'y natubos mong tunay,
Poong Hesus naming mahal,
iligtas mo kaming tanan
ngayon at magpakailanman.

# PAKIKINABANG

**B – Ama namin . . .**
**P –** Hinihiling namin . . .
**B – Sapagkat iyo ang kaharian**
**at ang kapangyarihan at ang kapurihan**
**magpakailanman. Amen.**

## PAANYAYA SA KAPAYAPAAN

## PAGHAHATI-HATI SA TINAPAY

**B – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,**
**maawa ka sa amin. (2×)**
**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,**
**ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

## PAANYAYA SA PAKIKINABANG

**P** – Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
**B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa Iyo ngunit sa isang salita Mo lamang ay gagaling na ako.**

## ANTIPONA NG PAKIKINABANG

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

Mga mayang nagpupugad
sa templo mo'y nagagalak.
Panginoon, silang lahat
sa piling mo bawat oras
ay talagang mapapalad. *(Sal 84, 3-4)*

## PANALANGIN PAGKAPAKINABANG

**P** – Ama naming mapagmahal,
kaming mga pinapagsalo mo sa piging na banal
ay makatatanggap nawa ng bungang karagdagan
ng iyong pagliligtas na aming ipinagdiriwang
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
**B – Amen.**

# PAGWAWAKAS

**P** – Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**

**P** – Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
**B – Amen.**

**P** – Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.
**B – Salamat sa Diyos.**

BISPERAS SA VERITAS 846 kHz-AM
**Tune in to Radio Veritas (846 kHz)**
**every Saturday from 5:00 to 6:00 p.m.**
**and listen to BISPERAS SA VERITAS the interactive radio program that helps you discover**
**– the messages of each Sunday Theme and Biblical readings, and**
**– how they can empower your life, your family, and your community.**

WORD AND LIFE PUBLICATIONS
**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, J. Lacandazo, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua